



## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Mayo 1, 2023  
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** [communications@baaqmd.gov](mailto:communications@baaqmd.gov)

# Panahon para Spair the Air (Iligtas ang Hangin) mula sa smog, magsisimula ngayong araw

*Mga commuter, hinihimok na maghanap ng mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa*

**SAN FRANCISCO** - Inanunsyo ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na sa araw na ito, Lunes, Mayo 1, magsisimula ang panahon para Spare the Air mula sa smog ngayong tag-init.

Milyun-milyong sasakyan sa ating mga kalsada bawat araw ang nananatiling pinakamalaking pinagmumulan ng polusyong dulot ng smog at ng mga emisyon ng greenhouse gas sa Bay Area. Hinihikayat ng kampanyang Spare the Air ang mga residente ng Bay Area na bawasan ang pagmamaneho at mag-isip ng mga paraan para maibahagi, mapaikli, o mabago ang kanilang pagko-commute nang sa gayon ay mabawasan ang smog, trapiko, at gridlock sa rehiyon. Noong Abril 27, inilabas ng Distrito ng Hangin ang una nitong Alerto na Iligtas ng Hangin para sa taon.

“Kung mas maraming nagmamaneho, mas matindi ang polusyon,” sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Para maprotektahan ang kalidad ng hangin, kalusugan, at kalidad ng buhay, mahalagang subukan natin ang mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa, gaya ng paggamit ng pampublikong transportasyon, paglalakad, o pagbibisikleta.”

Ang paglulunsad sa panahon para Spare the Air mula sa smog ay kasabay ng simula ng **2023 Air Quality Awareness Week**, na isang pambansang kampanya para mas mapalawak ang kabatiran sa kalidad ng hangin at mahikayat ang mga taong gumawa ng mga hakbang para mabawasan ang kanilang kontribusyon sa polusyon sa hangin. Nakatuon ang kampanya ngayong taon sa mga resource na nagpapalawak ng kaalaman sa mga isyu sa kalidad ng hangin, at nanghihikayat sa mga taong umaksyon at isaalang-alang ang kalidad ng hangin sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay.

Naglalabas ng Alerto na Spair the Air sa tuwing tinatayang aabot ang smog o polusyon sa hangin sa mga antas na nakakasama sa kalusugan. Ang ozone ay puwedeng magdulot ng iritasyon sa lalamunan, baradong ilong, at paninikip ng dibdib. Puwede itong mag-trigger ng hika, magdulot ng pamamaga sa lining ng mga baga, at magpalala ng bronchitis at emphysema. Sa partikular, mapaminsala ang polusyon sa hangin sa mga bata, nakatatanda, at may mga kundisyon sa baga at puso. Kapag may Alerto na Spair the Air, limitahan ang pag-eehersisyo sa labas tuwing hapon, kung kailan nasa pinakamataas na antas ang temperatura at concentration ng ozone.

Para malaman kung may ipinapatupad na Alerto na Spair the Air, magagawa ng mga residente na magparehistro para sa mga notification sa email o text sa [www.sparetheair.org/alerts](http://www.sparetheair.org/alerts), tumawag sa 1(800) HELP-AIR, i-download ang Spare the Air Bay Area App, o makipag-ugnayan sa Spare the Air sa [Facebook](#) o [Twitter](#).

Ang [Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Spair the Air, bumisita sa [www.sparetheair.org](http://www.sparetheair.org).

# # #

---

*Air District Communications Office*  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)